

Si Presidente Bongbong Marcos nang bisitahin ang isang Kadiwa stall sa Quezon City


# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 42 10.00 JULY 17 - JULY 23, 2023


# P20/kilo ng bigas, pangarap pa rin!

GINAGAWA ng gobyerno ang lahat upang bumagsak sa presyong P20 kada kilo ng bigas, ito ang sinabi ni Presidente Ferdinand Marcos Jr. sa ginanap na paglulunsad ng Kadiwa ng Pangulo sa San Fernando, Pampanga, Lunes. Hulyo 17.

"Tungkol sa ating pangarap na umabot sa presyong P20 per kilo (ang bigas), wala pa tayo roon, pero ginagawa natin ang lahat ng ating mahgagawa," sabi ng Pangulo.

Ibinebenta ng National Food Administration (NFA) sa presyong P25/kada kilo ng bigas na hanggang apat na kilo ang pinapayagang mabili.

Sinabi ng Palasyo na 81 lalawigan na ang sumali sa sabay-sabay na pagbubukas ng Diskuwento Caravan Kadiwa ng Pangulo Center -- na doon makabibili bigas sa presyong P25/kilo, gulay, prutas at iba pang ani sa bukid na ibinebenta sa mababang presyo.

Ayon kay Marcos, matataas ang uri ng mga produktong mabibili sa Kadiwa.

"Kadiwa is good because we have a system where consumers can purchase cheaper products," sabi ng Pangulo.

Lumagda si Marcos sa isang memorandum of agreement (MOA) sa iba-ibang ahensiya ng gobyerno sa pamumuno ng Department of Agriculture (DA, kasama ang mga lokal na pamahalaan sa pagbubukas ng Kadiwa center.

Kasama sa MOA ang Department of Trade and Industry (DTI), Department of Labor and Employment (DOLE), Department of Social Welfare and Development (DSWD), the Department of the Interior and Local Government (DILG), the Presidential Management Staff (PMS), at Philippine Communications Office (PCO).

Sa kasalukuyan, mahigit sa 500 Kadiwa stall ang nagbebenta sa murang presyo ng mga pangunahing pangangailangan ng mamimili.




# Hindi welcome ang ICC sa Filipinas --Remulla



**ADELA R. ZAMORA –** Hindi papayagan ng pamahalaan na makialam ang Internatinal Criminal Court (ICC) sa pag-uusig sa mga akusado ng mga madugong war on drugs ng administrasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Ayon kay Justice Secrfetary Jesus Crispin Remulla mas mabuting ibigay ng ICC sa gobyerno ang iniingatan nitong mga ebidensiya para ang gobyerno ng Filipinas ang umusig sa mga akusado.

Ngayong tinanggihan ng ICC Appeal Chamber ang hiling ng Filipinas na itigil na ang imbestigasyon sa sinasabing extra judicial kiling (EJK) sa war on drugs, sinabi ni Remulla na hindi tatanggapin ng gobyerno ang mga prosekyutor ng ICC.

"Hindi sila welcome sa Filipinas," sabi ni Remulla.

Aniya, kilala sa mundo ang mga Filipino sa mahusay na pagtanggap sa mga dayuhang bisita.

Pero kung makikialam ang ICC sa sistema ng hustisya at sa pagpapatupad ng batas ng Filipinas, hindi sila tatanggapin sa bansa.

Una rito, sinabi ni Presidential Legal Adviser Juan Ponce Enrile na kung siya ang masusunod, ipaaaresto niya ang mga opisyal ng ICC kung ipipilit na usigin ang mga hinihinalang may kagagawan sa madugong kampanya laban sa ilegal na droga.

"Gumagana ang ating mga korte, mayroon tayong sariling sistema ng hustisya kaya hindi natin papayagan ang mga outsider na makialam sa atin," sabi ni Remulla.

# National Learning Camp ilulunsad ng DepEd

UPANG makumpleto ang kulang sa pag-aaral ng mga esdtudyante sa paaralang publiko gawa ng pandemyang Covid-19, kalamidad at iba pang di-maiwasang pangyayari, sinabi ng Department of Education

*Sundan sa pahina 2*



## REVANZE


by Domz B. CAOILE

BAYAD na sa hulugang house and lot sa Viva Homes Estate ang ilang daan pamilya na ngayon ay nagdaraos ng prayer vigil sa harap ng subdiviison sa Barangay Salawag, Dasmarinas City.

"May titulo kami, bakit kami ide-demolish? Bayad kami sa Pag-IBIG, bakit kami palalayasin palalayasin kami?" tanong ng isang retiradong guro.

***Basahin ang buong detalye sa backpage ng pahayagang ito.***

# Mas maganda, modernong Montano Hall Gymnasium, binuksan na sa publiko




ISA sa mahalaga at pinakabagong proyektong nagawa ng administrasyon ni Cavite City Mayor Denver Reyes Chua ay ang pagkukumpuni at pagpapaganda ng Montano Hall Gymnasium sa siyudad.

Sa kanyang official Facebook page, ipinakita ang magarang basketball court, maayos na upuan ng mga manonood at ang iba pang pasilidad na magagamit ng mga residente.

Kamakailan, kasama ang mga opisyal ng pamahalaang lungsod, idinaos ang ribbon cutting at pagbubukas sa publiko ng gym sa Chief Martin St.

Isa itong sports venue at may malaking arena na magdadausan ng malalaking torneo sa basketball at iba pang aktibidad.

"Ang bagong Cavite City Montano Hall Gymnasium atin nang binuksan! Isang pangarap lamang na ngayon ay naisakatuparan na," sabi ni Mayor Denver sa kanyang social media page.

Aniya, isang taon pa lamang siya sa tungkulin, at isa ang Montano Hall Gymnasium sa proyektong ipinagawa niya para sa mamamayan ng siyudad.

Marami pang mga bagong proyekto ang ipinagagawa ng alkalde, kaya hinikayat ang mga residente na samahan siya.

"Aalam kong marami pa tayong magagawa, samahan niyo pa ako ang inyong Mayor Denver Reyes Chua kasama ng team Unlad Cavite City para sa mga makabuluhan pang mga proyekto sa ating mahal na Cavite City," sabi ni Mayor Denver Reyes Chua./ **GENE TAN**



# Drug Rehab Center itatayo sa Cavite


DBM Sec. Amenah Pangandaman

TULOY na ang proyektong pagtatayo ng Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center (DATRC) sa Trece Martires City, Cavite.

Nabatid ng BantayBalita na inokeyan ng Department of Budget and Management (DBM) ang P48.8 milyong pondo para matustusan ang kompletong konstruksyon ng DATRC, isa sa proyekto ng Department of Health (DOH).

Sinabi ni DBM Secretary Amenah Pangandaman na kabilang sa prioridad ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. ang rehabilitasyon ng mga biktima ng ilegal na droga.

Ayon sa DBM, ang pondo sa itatayong DATRC ay manggagaling ang pondo sa Japan International Cooperation Agency – Program for Consolidated Rehabilitation of Illegal Drug Users (JICA – CARE) at Automatic Appropriations sa ilalim ng General Appropriations Act.

Titiyakin din ng gobyerno na paghuhusayin ang pangangalaga sa rehab center at sa pagpapagaling sa mga nalulong sa bawal na gamot, sabi pa ni Pangandaman. /**LOD BELTRAN**

# Listahanan Database Orientation in Cavite province

IN pursuit of social progress and inclusive economy, the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer (OPSWDO) successfully organized the Orientation on Listahanan Database related to Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) beneficiaries held at the Ceremonial Hall, Provincial Capitol Building, Trece Martires City, on July 6, 2023.

The event was attended by the 4Ps focal persons from various local government units in the province, as well as representatives from PGC offices.

During the orientation, Mr. Leonardo Viñas Jr., Regional IT Officer of DSWD FO IV-A, presented the objective behind Listahanan Database.

He discussed its profound significance and key role in ensuring

*See page 6*



# National Learning...

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
BANATE NATIONAL HIGHSCHOOL

*mula sa pahina 1*

(DepEd) na simula Hulyo 24 hanggang Agosto 25 ilulunsad ang national learing camp (NLC).

Boluntaryo ang pasasali sa NLC, sabi ng DepEd, para sa mga mag-aaral sa Grade 7 at 8 na ituturo ang nglish, Science, at Mathematics at ang Reading.

Sabi pa ng DepEd, kinakailangan sa NLC ang serbisyo ng mga guro na lagpas sa regular school days kaya boluntaryo ang nais sumali sa programa.

"Nararapat na mabigyan ng vacation service credits, certificate of recognition, at iba pang mga incentive ang mga guro, ayon sa magagamit na pondo at itinakdang mga pamantayan," sabi pa ng Kagawaran.

Posible rin na magsagawa ng iba pang mga aktibidad sa Reading at Mathematics program sa Grade 1 hanggang 3 at iba pang enrichment activities para sa iba't ibang grade level, sabi pa ng DepEd.

Inianunsyo rin ng Kagawaran na maaaring mag-enrol ang mga mag-aaral sa tatlong learning camp tulad ng enhancement camp, consolidation camp, o intervention camp.

"Layunin ng NLC na gumawa ng isang camp-like atmosphere sa pamamagitan ng pagsasama ng masaya at nakaeeng-ganyong mga gawain upang mapaunlad ang mga interes, socio-emotional skills, personal growth, at character development ng mga mag-aaral," dagdag pa ng DepEd. / **DOMZ B" CAOILE**

# May titulo kami...

*mula sa pahina 8*

para siya ay palayasin at i-demolish ang bahay niya.

Ayon sa mga residente, sila ay nagbayad sa in house o sa mismong Baikal Realty Corporation -- na natalo sa kaso at balita ay na-disolve o wala na, sarado na?

Sabi raw ng Pag-IBIG, may inihanda nang relocation sa mga made-demolish, at tanong ng mga residente, bakit sila ang napeperwisyo sa away ng mga developer, gayon naman na sila ay buyer-in-good faith.

"Bakit sa desisyon ng regional trial court, ng Court of Appeals ay hindi tiningnan ang panig namin na nagbayad kami, ano kami, parang halaman na basta na lang bubunutin at ilipat sa kung saan nila gusto?" sabi ng isang retired government employee.

"Nakikiusap kami kung sinoman ang nasa likod nito at ang developer, dapat ang solusyon ay para sa aming nagbayad na at may titulo," sabi pa ng isang kausap namin.

Ilan ay sinabi na huwag silang idaman sa away ng mga developer,

"Kami po ay sumusunod sa batas at tahimik na mamamayan, Hindi po namin pinulot ang perang ibinayad namin. Dugo at pawis ang aming puhunan upang mabigyan ng maayos at tahimik na pamumuhan ang aming pamilya at mga anak.

Sa panayam namin kay Brgy. Captain Vicvic Topacio, ginawa na niya ang lahat ng kailangang gawin, pero malalaking tao, maiimpluwensiya sa gobyerno ang naglalaban sa isyu ng pagmamay-ari ng lupa ng Viva Homes.

Ani Kap Topacio, wala nang ibang makakatulong sa kanyang kabarangay kumgdi si Presidente Bongbong Marcos.

"Sana po ang problema ito ay maiparating sa ating Pangulong Marcos. Ang sa amin ay pakisuyo sa inyong diyaryo na maiparating ang hinaing ng aming kabarangay," sabi ni Kap. Vicvic Topacio.

@@@

Latest, nilinaw ni Kap Topacio na fake news, paninira ang ikinakalat na tsismis na siya raw ay nabayaran --hindi tinukoy kung sino ang nagbayad -- para raw hindi na siya makialam sa demolition.



Kap. Vicvic Topacio

"Walang katotohanan ... puro fake accounts yung nagkakalat ng paninira sa pagkatao ko sa social media," sabi ni Kap. Topacio.

"Ang katunayan nyan, kahit saan pa makarating ang kaso, kaisa ako sa pakikipaglaban sa katarungan ng aming kabarangay rito sa Salawag," aniya.

Sabi pa ni Kap. Vicvic Topacio, tunay na nakakaawa ang mga ide-demolish na may-ari ng bahay.

"Marami sa kanila ay senior citizen na na matapos magbayad at may hawak na titulo, sila ay palalayasin. Nasaan ang hustisya rito. Lalong kaawa-awa ang mga bata, panibagong buhay, pakikisama ang haharapin nila sa relocation. E dito na sila lumaki, nagkaisip at may magandang hinaharap na kinabukasan, tapos, sisirain lang?" naghihirap ang kalooban na sabi ni Kap Vicvic Topacio.

Ito pa ang kinatatakutan ni Kapitan Vicvic Topacio, kasi marami raw grupo ang nakikipag-usap sa mga residente ng Viva Homes, sa HOA, paano raw kung mapasukan ng maka-kaliwa, lalong gugulo ang kaso.

Para sa inyong reaksyon, magmensahe lang sa domzcaoile@yahoo.com

# SC, inilatag 5-taon plano sa mas mahusay na pagkamit ng hustisya

MAS maayos at mabilis at parehas at walang kinikilingang paghatol at lantad sa publikong paggawad ng hustisya.

Ang mga ito ang nilalaman ng inilabas na 4-taong plano ng Supreme Court (SC)sa layuning makapagawad ng napapanahon, matapat at bukas sa madlang paghatol at pagkakaloob ng katarungan.

Ang plano na pinamagatang "Strategic Plan for Judicial Innovations (SPJI) 2022-2027 ay naglalayong lutasin ang matagal nang problema sa hudikatura sa poamamagitan ng mga bagong gawain sa mas mabuting serbisyo na magbubunga sa mas malawak na pagkakamit ng hustisya sa lahat.

Lulutasin sa SPJI ang mga problema tulad ng matagal na pagkabimbim sa mga kaso, nagtambak na di-naaksiyonang mga kaso, at kakulangan sa iba-ibang pangangailangan.

Nagdudulot ang mga ito, ayon Korte Suprema ang dahilan ng mabagal na sistema at gawain sa mga hukuman,

Ayon sa SPJI, problema rin ang malaking kakulangan ng nakatatag na hukuman, mga gabay at tuntuning sa pamamaraan na nagpapahintulot sa mahabang proseso sa pagdinig sa mga kaso, mabagal na galaw at pagtupad, kapabayaan o kaya ay kapos-sa-kakayahan ng mga kawani ng hukuman.

Tinukoy rin ang malaking perwisyong idinulot ng pandemyang Covid-19 na nagbunga ng mabagal, pagkabimbim at pagkatambak ng mga di-naaksiyonang kaso sa mga hukuman.

Binanggit din ng SPJI ang pakiramdam ng publiko na may nagaganap na korapsiyon sa mga hukuman, at ito ay tutukang maresolba ng Kataas-taasang Hukuman.

Mga hakbang na ipatutupad ng SC, ayon sa SPJI:

1. Napanahon at parehas na pagkakaloob ng malaya at maayos na pagpapasiya at pagtiyak na magaang na makapagdudulog ng reklamo at pagkakamit ng hustisya sa tamang pagkakataon.

2. Bukas sa publiko at mapagkakatiwalaang hustisya na makapagpapabalik ng paghanga at poagtitiwala ng taumbayan.

3. Pantay at mabilis na serbisyo sa lahat ng lumalapit at humingi ng serbisyo mula sa mga hukuman.

4. Upang makamit ang episyenteng pamamahala, aangkop at gagamitin ang mga bagong kaalaman sa digital na teknolohiya

Here are some things to know about the SC's five-year plan.

Upang matamo ang maayos, parehas at malayang paggawad ng hustisya, magsasagawa ang SC ng mga bagong sistema at pagkilos, ayon at angkop sa pangangailangan ng panahon.

Lilikhain, ayon sa SPJI, ang Supreme Court Management Committee and a Planning Development Office.

Ito ang titingin, magrerebyu at gagalaw upang matiyak ang maayos



SC Administrator Raul Villanueva

na pagkilos at paggalaw, proseso at pamamahala sa mga hukuman sa bansa.

Aaksiyon din ng SC ang mga problema, pangangailangan at kabutihan ng mga manggagawa ng hukuman -- mula sa mga mahistrado, mga huwes at mga opisyal at tauhan ng mga korte sa bansa.

Magpapatupad ang SC ng socialized health insurance system para sa lahat ng opisyall, mga kawani ng hukuman; pâgtatayo ng Mental Health Unit, taunang pisikal at mental na paggamot nang libre, at ang pagpapalakas ng mga pasilidad para sa pangangalaga ng mga sanggol at bata sa mga hukuman.

Pagpapalakas sa patuloy na pag-aaral ng mga hukom, pagtuturo at pagpapatupad ng angkop na disiplina sa mga opisyal at tauhan ng mga korte at iba pang programa upang mapabuti ang bar exams at responsibilidad at pananagutan ng mga abogado.

Pagpapalakas sa Judicial Integrity Board at ang pagsasaayos ng Judiciary Marshals Office.

Plano ring gamitin ng SC ang artificial intelligence (AI) para sa malawang na pasasaliksik ukol sa batas at pagpapalawak ng e-library at ng pagpapalakas ng AI-enabled technology.

Inumpisahan na ring itayo ang "eCourt System Version 2.0." na gagamitin para sa mabilis na transakyon sa mga hukuman tulad ng pagrerekord ng mga kaso, bayarin, rapol at mga kalendaryo sa mga pagdinig at gawain sa mga hukuman.

Ayon kay Supreme Court Administrator Raul Villanueva sa paggamit ng makabagong digital technology, inaasahang mapabibilis ang paghahatid ng mga tagubilin, plano, memorandum at iba pang gawain sa lahat ng korte sa buong bansa.

Paliwanag pa ni SC Administrator Villanueva, bukod sa iba pang bagong sistema sa repormasyon sa mga korte, lilikha rin ang SC ng mga proyektong tutulong sa madlangbayan upang madaling makakuha ng mga impormasyon may kinalaman sa hustisya at reporma sa mga korte.

Magpapatupad din ang SC, ayon sa SPJI ng tulong legal, data base para sa libreng payong legal at muling pag-aaral sa ipinatututpad na Enhanced Justice on Wheels program, sabi ni Administrator Villanueva

Palalakasin din ang Shari'ah justice, sabi ng SPJI, at gagawin ito sa pag-oorganisa at pagbubuo sa operasyon ng 56 Shari'ah court sa bansa.

Plano ring rebyuhin ang bumubuo ng komite ng Shari'ah at suriin ang sistema ng Shari'ah justice , at dagdag dito, palakasin ang legal Shari'ah legal education system.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

*Founder:* HENRY E. CAOILE
*Publisher:* DOMZ B. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Copy Editor:* LUKAS DA SILVA
*Chief of Reporters:* GENE TAPARAN TAN
*Contributing Writers:* LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
*Contributing Editor:* RUEL FRANCISCO

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi
PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*




# Presidente Bongbong, tulungan n'yo po kami!

MATINDING kalungkutan, malaking takot na sa susunod na mga araw, kung biglang dumating ang mga bulldozer at demolition crew, malaking gulo ang posibleng mangyari sa mga residente ng Viva Homes Estate Subdivision sa Barangay Salawag, Dasmarina City, Cavite.

"Prayers lang po, at ang paghingi ng tulong kay President Bongbong Marcos ang inaasahan namin na tutulong sa aming problema," sabi ng isang ama -- kabilang sa 642 pamilyang nakatira sa subdivision na katanggap ng demolition notice mula sa court sheriff.

Sa abiso, simula Hulyo 12 hanggang Agosto 22, 2023 at hindi umalis ang mga residente, ipatutupad ang utos na pagbuwag sa kanilang mga bahay.

Ayon kay Brgy. Captain Victor Ocampo, mayroon nang 1,974 na okupadong bahay sa subdivision, at apektato ay nasa 624 pamilya.

Isang babaeng senior citizen ang nakiusap na mailathala sa pahayagang ito ang kanilang panawagan kay Presidente Bongbong Marcos na tulungan sila.

"Bayad na po kami, Mr. President, sa Pag-IBIG at meron na kaming hawak na titulo ng aming house and lot. E ang sagot lang sa amin ng Pag-IBIG may pagdadalhan sa aming relocation site," umiiyak na sabi ng ginang na nakiusap na 'wag banggitin ang kanyang pangalan.

Maraming homeowners rito ang may ganito ring problema: Bayad na sila sa kanilang house loan, may hawak silang titulo ng lupa mula sa Cavite Register of Deeds, pero may demolition notice sila.

"Paano ... ano ang mangyayari sa aming ibinayad (na pera)? Balewala na lang, hindi na namin mababawi?" tanong ng isang retiradong titser na ang malaking bahagi ng kanyang inipong retirement benefits ay inihulog sa bahay at lupa.

Marami sa apektado ay kawani sa gobyerno, sundalo, OFWs at ilan ay nagbenta ng ari-arian sa pinaggalingang probinsiya para permanteng manirahan sa Dasmarinas City.

"Kaya dito kami nag-desisyon na tumira kasi, alam namin, maganda ang magiging kinabukasan namin dito, eto at ang saklap ... napakasakit, mababalewala ang lahat ng pinaghirapan naming dugo't pawis!" naiiyak sa galit ng isang retiradong OFW.

Sa panayam kay Raymond Villarin, pangulo ng Viva Homes Homeowners Association, marami nang ahensiya ng gobyerno ang hiningian nila ng tulong, "pero walang malinaw na sagot sa aming hinaing."

Sa miting na ipinatawag niya nitong Biyernes, Hulyo 15, marami ang ayaw umalis at nagsabing lalaban ang demolition notice dahil may hawak silang titulo na lehitimong pag-aari nilang lupa.

Ang iba ay pumayag pero sa kondisyong ibabalik ang kanilang perang ibinayad at ang danyos perwisyo sa kanila.

Nabatid na marami sa residente ay nagbayad sa dating may-ari nito, ang n silang magbigay umano ng mga data na hinihingi sa kanila ng bagong may ari ng subdibisyon sapagkat hindi na nakikipag -usap sa kanila ang dating may ari nito na Baikal Developer Corporation at ang may-ari nito ngayon ay kompanyang Paxton.

"Kami ay buyers-in-good faith. Kami ay niloko, bakit kami ngayon ay paalisin. Ang dapat ay parusahan ang developer na nanloko sa amin. Bakit kami ngayon ang pineperwisyo. Kami ang dapât na protektahan ng Pag-IBIG," sabi ng isang kawani ng isang ahensiya ng gobyerno.

"Kaya po, nanawagan kami kay Presidente Bongbong (Marcos), sa Pag-IBIG, sa aming Mayor Jenny Barzaga, sa aming Congressman Pidi Barzaga, tulungan nyo po kami," umiiyak na sabi ng isang dating OFW sa Middle East./ **BantayBalita Reportorial Team**


President Ferdinand R. Marcos, Jr.


Mayor Jenny


Cong. Pidi Barzaga










**LOOK: The Light of A Million Mornings. The Light of our future.**

Yesterday, (July 15, 2023) residents of Viva Homes Estate Subdivision gathered in solidarity for a Prayer Vigil, in the hopes of stopping the imminent demolition of their beloved subdivision.

For the residents, the light symbolizes their unity and solidarity with never-ending hope to save the community.

Photos from: Angelica Amurao, Jean Florada, Christian Vargas
#SaveVivaHomes #Preser

# PGC participates in the launching of KADIWA ng Pangulo 2023










THE provincial government of Cavite (PCG) through the Office of the Provincial Agriculturist (OPA) participated in the launching of Katuwang sa Diwa at Gawa para sa Masaganang Ani at Mataas na Kita (KADIWA) ng Pangulo 2023 on Monday, July 17, 2023 at the OPA Compound, Trece Martires City.

KADIWA ng Pangulo is an innovative marketing initiative aimed at ensuring that consumers have access to affordable yet high-quality goods and commodities. Additionally, it facilitates market accessibility for farmers, fisherfolks, and micro-enterprises, fostering their economic growth.

President Ferdinand R. Marcos, Jr. graced the grand launch of KADIWA ng Pangulo in the City of San Fernando, Pampanga. Other provinces participated in the simultaneous conduct of the event via Zoom application.

In Cavite, OPA in partnership with the Department of Trade and Industry and other stakeholders from the private sector organized KADIWA stores which sell agricultural products such as fruits and vegetables, food and non-food products of micro, small and medium enterprises at affordable prizes.--- **OPIO**

## Listahanan...

*from page 2*

that every eligible beneficiary of the 4Ps receives the assistance and benefits they need and deserve.

Also, the criterion and process in identifying the eligible beneficiary was explained in his presentation.

Ms. Jhohanna A. Acebes, Listahanan DSWD FO IV-A, tackled the Data Privacy Act, emphasizing the importance of protecting personal information.

Moreover, Mr. Viñas and Ms. Acebes shared that through Listahanan Database, LGUs can store and access the accurate and verified data regarding the progress and beneficiaries of 4Ps.

The event seeks to ensure that the underprivileged, particularly those considered "poorest among the poor", receive the essential support and opportunities they need to thrive in the society and build a brighter future for themselves.

# DOST, partner agencies sign MOA promoting waste reduction in Cagayan Valley



Taguig City – AS a smart solution for waste reduction management, the Department of Science and Technology (DOST) together with the City Government of Cauayan, Isabela State University (ISU) and iTECHCONNECTPH.INC, signed a memorandum of Agreement (MOA) and contract on the establishment of a Material Recovery Facility (MRF) in Cauayan on Monday, July 17.

The implementation of an MRF will significantly reduce the amount of waste going to landfills and produce valuable raw materials and other by-products in theCagayan Valley.

The MRF will serve as a hub for the collection, sorting, and recycling of waste materials, including plastics, paper, glass, and metals.

A variety of industrial and commercial waste streams will also be accepted at the facility and the recovered materials will be utilized as feedstock for local manufacturing industries and will contribute to the reduction of raw material consumption.

Moreover, the establishment of an MRF can boost the province's economy and provide local residents with employment possibilities.

DOST Secretary Renato Solidum Jr. lauded the DOST R02 for their continued partnership and collaboration with ISU and Cauayan City in the implementation of the Smart and Sustainable Communities Program.

"As we envision, this Waste-Wise Cities project hopes to tackle the challenges posed by increasing waste generation and its impact on the environment," Solidum said.

He also highlighted that with the establishment of a state-of-the-art MRF in Cauayan City, the agency hopes to be able to effectively sort, process, and recover valuable materials from the waste stream, minimizing the amount of waste sent to landfills and maximizing resource utilization.

DOST Undersecretary for Regional Operations, Engr. Sancho A. Mabborang recognized the presence of the representatives from DOST, the LGU, the academe through the ISU and inventors through the Filipino Inventors Society Producers Cooperative (FISPC) on the importance of a collective and whole-of-society approach in addressing key problems, transitioning into sustainable ways of living and promoting a circular economy as a strategy for the country.

DOST Assistant Secretary Dr. Napoleon K. Juanillo Jr., who was also present, encouraged the participants, including the media, to continue spreading the news in science, technology, and innovation for Filipinos to understand what DOST is aiming for in the communities and in the entire STI ecosystem.

Cauayan City Mayor Caesar S. Dy, with ISU President Ricmar Aquino represented by Dr. Precila Delima and Suki Trading Filipino Inventor, Victoriano Ocon, delivered their message of commitment in the implementation of the project.

DOST R02 Regional Director, Dr. Virginia G. Bilgera, who is an active implementor of the Smart and Sustainable Communities Program in Cagayan Valley, and inventor Francisco 'Popoy' Pagayon conveyed their messages of support and appreciation for the strong collaboration of DOST, FISPC, and partner institutions towards sustainable waste management.

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE PERFECTO IYAYA

Notice is hereby given that the estate of the late **Perfecto Iyaya,** who died on October 19, 1992 in Estrella Hospital, Silang, Cavite left a parcel of land situated in Brgy. Balubad, Silang, Cavite as follows;1. Tax Declaration No. 18-0012-00066 located atBrgyBalubad, Silang, Cavite (3,333) sqm. 2. Tax Declaration No. 10793 Series 1984 located atBrgyMaymangga, Amadeo, Cavite (870) sqm. 3. Tax Declaration No. 10334 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (2,866) sqm. 4. Tax Declaration No. 6423 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (1,156) sqm.5. Tax Declaration No. 11136 series 1985 located at Brgy. Minantok, Amadeo, Cavite (8,876.5) sqm. 6. Tax Declaration No. 3486 Series 1985 located at Brgy. Bucal, Amadeo, Cavite (4,300) sqm. 7. Tax Declaration No. 6424 Series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (5170) sqm. 8. Tax Declaration No. 6425 Series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (5,660) 9. Tax Declaration No. 8731 series 1994 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (6579) sqm. 10. Tax Declaration No. 8733 series 1994 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (719) sqm. 11. Tax Declaration No. 6422 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (3,743) sqm. 12. Tax Declaration No. 12064 series 1985 located at Brgy. Maymangga, Amadeo, Cavite (1,679) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Annalyn S. Dolor-Jubillo under Doc. No. 148 Page No. 30 Book No. 126 Series of 2018.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 17, 24 & 31, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON JOSE IMSON SUAVILLO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **Jose Imson Suavillo**, who died on September 29, 2019 at Molino, Bacoor City, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-893972 situated in Brgy. Molino, Bacoor City, Cavite (40) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo under Doc.No. 18 Page No. Book No. 854 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DESEASED PERSON REGALADO CASTAÑEDA PATLIN WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **Regalado Castañeda Patlin**, who died on January 04, 2022 at Los Baños, Laguna left a parcel of land situated in Brgy. Salinas, Bacoor City, Cavite covered by Transfer Certificate of Title No. 167-20210003354 (1,486) sqm. extra judicially settled among the legal heirs executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo under Doc No.077 Page No. 16 Book No. 154 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

## EXTRA JUDICIAL COURT SETTLEMENT OF ESTATE OF CONRADO URBI PUENTES and JAENE ARBOLEDA PUENTES

notice is hereby given that the estate of the late **CONRADO URBI PUENTES,** who died on November 21, 2005 at Las Piñas, Metro Manila and **JAENE ARBOLEDA PUENTES** who died on June 6, 2021 at Las Piñas City, Metro Manila left a parcel of land covered by TRANSFER CERTIFICATE TITLE NO. T-32713-A situated at Las Piñas City Metro Manila, TRANSFER CERTIFICATE NO. 24772 situated at Las Piñas City Metro Manila, extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Fe B. Añonuevo undér doc. No.32 page no. 7 book no. 154 series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 17, 24 & 31, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON CAROLINA IGNACIO TOLENTINO WITH RENUNCIATION OF RIGHT

Notice is hereby given that the estate of the late **Carolina Ignacio Tolentino** who died on October 20, 2021 at General Trias City, Cavite left and holder of active account at (BPI) Bank of Philippine Island described as below;

1. Cavite City Branch Peso Savings Account (joint account with one-co-depositor) S/A No. 8713092984 amounting to ₱ 21,836.50 Philippine Peso Currency.
2. Cavite City Branch Peso Savings Account (joint account with one-co-depositor) S/A No. 8719138374 amounting to ₱ 50, 248.68 Philippine Peso Currency.

Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan under Doc. No. 232 Page No. 48 Book No. III Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 17, 24 & 31, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF VALENTINA DEL ROSARIO VDA. DE GANCAYCO

Notice is hereby given that the estate of the late **Valentina Del Rosario Vda. De Gancayco** who died sometime in the early 1900 in Maragondon, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. 13-002-00206 with an area of 5,546 sqm, Tax Declaration No. 13-0023-00054 with an area of 5,036 sqm, Tax Declaration No. 13-0022-00200 with an area of 11,790 sqm. situated all in San Miguel A & B, Maragondon, Cavite, that the said property divide into 9th party as follows, first party – Rosita E. Lingo-Lucero. 1/5of of 1/2share second party Marcela Lingo Evardone 1/5 of 1/2 share third party LucilitaCunto Lingo and Maricar C. Lingo 1/5 of 1/2 share fourth party Lorna Bocuya Lingo, Francis B. Lingo, Francisco B. Lingo Jr. and Anthony B. Lingo, 1/5 of 1/2share, fifth party Lucena Lingo Ferrer 1/5 of 1/2 share unto the heirs of BonifacioGancayco as follows sixth party Purificacion S. Gancayco-Unas 1/4 of 1/2 share seventh party NorinaGancaycoManas 1/4 of 1/2 share eight party Gilbert MancillaGancayco and Julieta GancaycoOlaes 1/4 of 1/2 share ninth party Cesar Gancayco Ramos 1/4 of 1/2 share, extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan under Doc. No. 456 Page No. 91 Book No.IV Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON MANUEL SUAREZ DE LEON WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **Manuel Suarez de Leon,** who died on November 23, 2006 at Metro South Medical Center, Molino IV, Bacoor City, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. T-12309967-057-2023024686 situated in Brgy. Paliparan, Dasmariñas City, Cavite (63) sqm. extra judicially settled among the legal heirs. Executed before Notary Public Atty. Jasper Sales under Doc. No. 311 Page No. 64 Book No. 13 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON, SPOUSES, ROSENDO CUSTODIO and JOSEFA L. CUSTODIO

Notice is hereby given that the Estate of the late Spouses **ROSENDO CUSTODIO and JOSEFA L. CUSTODIO,** who died on September 22,2013 and September 25, 2016 at Imus City, Cavite, Alfonso, Cavite and Naic, Cavite left a parcels of land covered by TRANSFER CERTIFICATE NO. CARP 2019000052 , TAX DECLARATION NO.12-007-0008-00093 ( 531.11) SQM. TAX DECLARATION NO. 12-0008-00089 ( 301.97) SQM. all located at brgy. Bendita 3, Magallanes, Cavite, extra judicially settled among the legal heirs, executed before notary public Atty. Fe B. Añonuevo, undér doc. No 493 page no. 99. Book no.146 series of 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CECILIA REYES

Notice is hereby given that the estate of the late **Cecilia Reyes** who died on October 01, 1955 left a parcel of land covered by Tax Declaration No. 13-0022-00832-A (33,579) sqm., Tax Declaration No. 13-0023-00044-A (25,845) sqm., Tax Declaration No. 13-0023-00113-A (38,416) sqm., Tax Declaration No. 13-005-00984-R (260) sqm., Tax Declaration No. 13-005-00985-A (77,321) sqm., Tax Declaration No. 13-005-00988-R (46) sqm., Tax Declaration No. 13-0021-00961-A (11,678) sqm., Tax Declaration No.13-0005-01005 (74,988) sqm., all situated at Maragondon, Cavite, extra judicially settled among the legal heirs. Executed before Notary Public Atty. Earl Alfred B. Reyes under Doc. No. 20 Page No. 5 Book No 111 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby given that the estate of the late **Lydia Guillermo and VictorinoAngeo** they left a parcel of land located in Brgy. San Miguel A, Maragondon, Cavite. Covered by Transfer Certificate Title No. T-50273 with an area of (10,096) sqm. extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Earl Alfred H. Reyes under Doc. No. 316 Page No. 65 Book No. 111 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

# May titulo kami, bayad na kami, bakit kami ide-demolish? –Viva Homes homeowners


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 42 10.00 JULY 17 - JULY 23, 2023













REVANZE

by Domz B. CAOILE

MGA banner at poster ng paghingi ng tulong ang bumulaga sa amin nang puntahan namin ang nagpoprotestang homeowners ng Viva Homes Estate sa Barangay Salawag, Dasmarinas City -- na ang isyu ng notice of demoliion sa kanilang mga bahay ay trending sa social media at sa mga radio-TV news channels at maging sa ilang pahayagan.

Kaya ang aming BantayBalita Team ay sinadya upang aktwal na makita ang sitwasyon sa lugar, at ito ang ilang sa aming nakuhang balita.

Wika ng isang retired teacher: "President Bongbong Marcos, maawa po kayo. Kayo na lang po ang inaasahan naming makakatulong sa aming problema."

Kausap ang ilang residente, ipinakita sa amin ang hawak nilang titulo ng lupa na galing sa Cavite Register of Deeds.

Sabi ng isa: "Bayad na kami sa Pag-IBIG at may titulo na ako, ako ang may-ari ng lote at ng bahay ko, pinaghirapan kong bayaran ito, tapos ide-demolish? Bakeeet?"

Ipinakita rin sa amin ang Notice of Demolition na nakasulat dun, sa loob ng 40 araw, mula July 12, hanggang August 22, 2023, kailangang umalis at lumipat sa relocation ang mga apektahong residente.

Ang hindi papayag, bubuwagin, wawasakin ang bahay dahil sa ito ay inaangkin na, sabi ay ng bago nitong may-ari ang Paxton Development Corporation, at nang i-research namin kung sino-sino ang may-ari nito, wala kaming nakita. kahit si Mr. AI (artificial intelligence) walang nakuhang detalye, at si Mr. Google ay may ipinosteng kaso ng agawan sa lupa ng Hi-Tone at Paxton sa lupa na sinasabing may titulo sa pangalan ng Baikal Realty Corporation.

Tanong ng isang residente, bakit inisyuhan siya ng land title ng Regisrty of Deeds ng Cavite na patunay na siya ang may-ari ng lote, at anong legal na batayan


*Sundan sa pahina 3*


# Let's cozy up at Kubo Amadeo




SAAN itong Kubo Amadeo na balitang masarap mag-relax kasama ang pamilya at mga kaibigan?

Kid-friendly ang bakasyunang ito, with warm pool, mabango at preskong guest rooms at may mga pagkain at inuming lapat na lapat sa inyong pihikang panlasa.

The place is new but Kubo Amadeo is one of the most talked-about "home away from home" in Cavite and a top choice for families of all ages looking for a mix of relaxation: it is a place where parents and kids can spend the day relaxing in pool and enjoy the fresh cool breeze any time of the day.

The rooms in Kubo Amadeo are thoughtfully designed for families; any time of the day and night, the cool fresh air and a choice of relaxing food and drinks will make your tummy happy.

Yes, Kubo Amadeo is a perfect getaway these summer months: Explore and cozy up with nature in a 2,300 sqm property with pool-villas for rent at 048 Crisanto delos Reyes Avenue, Amadeo, Cavite.

It has a free parking space and only 5 to 10 minutes away from Tagaytay City.

Sa Kubo Amadeo, makapagre-relax nang todo-todo!

Explore, mag-book na, at i-dial contact number: +63 917 501 7575./DBCaoile